


Araling Panlipunan

Ikaapat na Markahan – Modyul 4: Iba't Ibang Ideolohiya sa Pag-usbong ng Nasyonalismo at Kilusang Nasyonalista



Araling Panlipunan – Ikapitong Baitang

Alternative Delivery Mode

**Ikaapat na Markahan – Modyul 4: Iba’t ibang Ideolohiya sa Pag-usbong ng
Nasyonalismo at Kilusang Nasyonalista**

Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Maylin Bacangallo-Arnesto

Editor: Enrile O. Abrigo Jr.

Tagasuri: Nimfa V. Alaska

Tagaguhit: Karl Gabriel G. Buenafe

Tagalapat: Liezl O. Arosio

Tagapamahala: Benjamin D. Paragas

Mariflor B. Musa

Danilo C. Padilla

Freddie Rey R. Ramirez

Cyril C. Serador

Ronald S. Brillantes

Marites L. Arenio

Eva Joyce C. Presto

Rhea Ann A. Navilla

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – MIMAROPA Region

Office Address : Meralco Avenue corner St. Paul Road, Pasig City

Telefax : (02) 8631-4070; 8637-3093; 8637-3139

Email Address : region4b@deped.gov.ph

Araling Panlipunan
Ikaapat na Markahan – Modyul 4:
Iba't Ibang Ideolohiya
sa Pag-usbong ng Nasyonalismo
at Kilusang Nasyonalista

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Sa bahaging ito, lilinangin ang iyong kaalaman at pang-unawa sa iba't ibang ideolohiyang umusbong upang maipakita ang nasyonalismo. Malaki ang pasasalamat natin sa mga nasyonalistang lider sa pakikipaglaban sa iba't ibang paraan, maipakita lang ang pagmamahal sa bayan. Ano-ano ang impluwensiya ng iba't ibang ideolohiya sa malawakang kilusang nasyonalista sa Silangan at Timog-Silangang Asya.

Ang lahat ng ito ay bibigyang linaw sa modyul na ito upang tulungan kang maunawaan ang pagbuo ng mga bansa sa Silangan at Timog-Silangang Asya sa pamamagitan ng mga gawaing inihanda para sa iyo. Kaya't tara na, alamin natin ang landas na gagabay tungo sa karunungan.

Sa pagtatapos ng modyul na ito, inaasahan sa iyo ang sumusunod:

1. Natatalakay ang iba't ibang ideolohiya sa pag-usbong ng nasyonalismo sa Silangan at Timog-Silangang Asya;
2. Nahihinuha ang kaugnayan ng iba't ibang ideolohiya at ang implikasyon nito sa pag-usbong ng nasyonalismo at kilusang nasyonalista sa Silangan at Timog-Silangang Asya; at
3. Napapahalagahan ang iba't ibang ideolohiya na naging lunsaran at gabay ng mga pinunong nagtatag ng kilusang nasyonalista tungo sa kasarinlan ng mga bansa sa Silangan at Timog-Silangang Asya.

Ang pagkamit mo sa mga layuning nabanggit sa itaas ay magiging tulay upang tiyak na matutuhan mo ang sumusunod na pamantayan at kasanayan:

PAMANTAYANG PANGNILALAMAN (Content Standard)


Ang mag-aaral ay napahahalagahan ang pagtugon ng mga Asyano sa mga hamon ng pagbabago, pag-unlad at pagpapatuloy ng Silangan at Timog-Silangang Asya sa Transisyonal at Makabagong Panahon (ika-16 hanggang ika-20 Siglo).

PAMANTAYAN SA PAGGAWA (Performance Standard)

Ang mag-aaral ay nakapagsasagawa nang kritikal na pagsusuri sa pagbabago, pag-unlad at pagpapatuloy ng Silangan at Timog-Silangang Asya sa Transisyonal at Makabagong Panahon (ika-16 hanggang ika-20 Siglo).

PAMANTAYANG PAMPAGKATUTO (Most Essential Learning Competency)

- Nasusuri ang kaugnayan ng iba't ibang ideolohiya sa pag-usbong ng nasyonalismo at kilusang nasyonalista



Subukin

Panuto: Unawain ang mga katanungan at piliin ang titik ng tamang sagot. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

1. Alin sa mga sumusunod na uri ng ideolohiya ang umusbong sa China na naging daan sa paglaya nila mula sa kamay ng mananakop?
 - A. Demokratiko
 - B. Komunismo
 - C. Sosyalismo
 - D. Totalitarianismo
2. Ang lahat ng bansa sa Silangan at Timog-Silangang Asya ay naghangad ng kalayaan sa pananakop ng mga kanluranin dahil sa ideya ng demokrasya. Ang pahayag na ito ay _____.
 - A. tama, dahil ang ideolohiyang ito ang ginamit sa Timog-Silangang Asya.
 - B. mali, dahil lahat ng bansa sa Silangan at Timog-Silangang Asya ay ginamit ang komunismo.
 - C. tama, dahil lahat ng bansa sa Silangan at Timog-Silangang Asya ay ginamit ang demokrasya.
 - D. mali, dahil magkakaiba ang ideolohiyang ginamit ng mga bansa sa Silangan at Timog-Silangang Asya.
3. Alin sa sumusunod na ideya o kaisipan ang naglalayong magpaliwanag tungkol sa daigdig at pagbabago nito?
 - A. Ideolohiya
 - B. Pilosopiya
 - C. Polisiya
 - D. Teorya
4. Paano naipakita ng mga pinuno ng mga kilusang nasyonalista ang kanilang pagmamahal sa kanilang bayan?
 1. Komunismo ang ideolohiyang niyakap at ginamit ni Ho Chi Minh para makamit ang kasarinlan ng Vietnam
 2. Nagtatag si Dr. Jose Rizal ng Kilusang Propaganda upang makamit ang mga reporma sa lipunan.
 3. Pinamunuan ni Achmed Sukarno ang samahang nagpalaya sa Indonesia mula sa mga Dutch.
 - A. 1 at 2
 - B. 1 at 3
 - C. 1, 2, at 3
 - D. 2 at 3
5. Alin sa sumusunod na pahayag ang HINDI tumutukoy sa prinsipyo ng komunismo?
 - A. Pagpapairal ng diktadurya
 - B. Pagkawala ng antas o pag-uuri-uri
 - C. Ang produksiyon at produkto ay pag-aari ng estado
 - D. Ang produksiyon at kalakalan ay kontrolado ng pribadong pamahalaan
6. Anong ideolohiya ang nagsasaad na ang kapangyarihan ng pamahalaan ay nasa kamay ng isang tao na namumuno at ang tawag sa kaniya ay hari o reyna?
 - A. Sosyalismo
 - B. Monarkiya
 - C. Komunismo
 - D. Demokrasya

7. Sino ang pinuno ng kilusang nasyonalista sa Vietnam na nanguna sa pagkamit ng kalayaan sa pamamagitan ng pagtanggap sa ideolohiya at pamamaraang komunismo?
- A. Ba Maw
B. Diponegoro
C. Ho Chi Minh
D. Sukarno
8. Sino ang nanguna sa pag-aalsa sa Indonesia laban sa mga mananakop na Dutch?
- A. Sukarno
B. Ho Chi Minh
C. Diponegoro
D. Ba Maw
9. Ang sumusunod ay ideolohiya na ginamit ng mga bansa sa Timog-Silangang Asya. Alin ang HINDI kasama?
- A. Demokrasya
B. Komunismo
C. Monarkiya
D. Pasismo
10. Ano sa palagay mo ang aspetong HINDI gaanong naapektuhan ng anumang ideolohiya sa Silangan at Timog-Silangang Asya?
- A. Pansining
B. Panlipunan
C. Pampulitika
D. Pangkabuhayan
11. Ang sumusunod na pahayag ay nagsasaad ng implikasyon ng ideolohiya sa ating lipunan. Ano ang **HINDI** kabilang?
- A. Batayan ng pagkakahati-hati ng tao ayon sa estado ng buhay.
B. Gabay ng pamahalaan sa pamamalakad ng nasasakupan nito.
C. Nagbibigkis sa mga mamamayan upang maging isang nagkakaisang bansa.
D. Kaisipan, panuntunan, o pundasyon ng sistemang pang-ekonomiya at pampolitika ng isang bansa.
12. Anong paraan ang ginamit ng mga Katipunero sa Pilipinas upang maipahayag ang kanilang pagmamahal sa bayan at maisakatuparan ang hangaring kasarinlan?
- A. Himagsikan
B. Negosasyon
C. Propaganda
D. Protesta
13. Ang sumusunod ay nanguna sa pagtatag ng mga kilusang nasyonalista sa Timog-Silangang Asya. Sino ang kabilang sa pangkat?
1. Achmed Sukarno
2. Ho Chi Minh
3. Jose Rizal
4. Mutsuhito
- A. 1, 2, at 3
B. 1, 3, at 4
C. 1, 2, 3, at 4
D. 2, 3, at 4
14. Anong bansa sa Silangang Asya ang may ideolohiyang komunismo?
- A. China
B. Indonesia
C. Japan
D. South Korea
15. Nakamit ng Indonesia ang kalayaan mula sa mga Dutch sa pamamagitan ng itinatag na samahan at pagyakap sa komunismo. Ang pahayag na ito ay _____.
- A. mali, dahil sosyalismo ang kanilang niyakap.
B. tama, dahil ito ang paraan nila upang lumaya.
C. mali, dahil ang bansang Indonesia ay demokratiko.
D. tama, dahil komunismo ang kanilang ginamit sa pamamahala at tinanggap ang mga Dutch.

Aralin

1

Iba't Ibang Ideolohiya sa Pag-usbong ng Nasyonalismo at Kilusang Nasyonalista

Ngayon, bago ka tumungo sa susunod na aralin ay sukatin muna ang iyong natutuhan sa nakalipas na aralin sa pamamagitan ng inihandang gawain.

Natatandaan mo ba ang mga ito? Halika na, sagutin mo ang mga gawain!




Balikan

Ano ang pangyayaring naganap bunga ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig?



Iginuhit ni: Karl Gabriel G. Buenafe

Panuto: Itala mo ang mga naging resulta o bunga ng digmaan sa bansang Asyano. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.



Paano maiwasan ang digmaan? Ano ang naging epekto nito?



Mga Tala para sa Guro

Naglalaman ang modyul na ito ng mga mungkahing gawain upang malinang ang kakayahan at kasanayan ng mga mag-aaral. Kinapapalooban ito ng iba't ibang estratehiya tulad ng paggamit ng cross word puzzle, documentary interview, Reflective Journal, Anticipation reaction guide, liham pasasalamat, atbp. Ang bawat gawain sa isang aralin ay nakabatay sa tatlong araw na sesyon. Iminumungkahi na pagyamanin pa ng mga guro ang mga mungkahing gawain at estratehiya batay sa interes at kakayahan ng mga mag-aaral.



Tuklasin

Matapos mong masukat ang iyong kakayahang sagutin ang mga naunang gawain, tuklasin ang mga naibigay na ambag ng mga nasyonalistang lider sa mga bansa sa Silangan at Timog-Silangang Asya gamit ang iba't ibang ideolohiya. Lilinganin mo ang iyong kaalaman at kasanayan upang lubos mo itong maunawaan.

Simulan mo na at alamin sa araling ito ang kasagutan.

Gawain: Letra Ko, Ayos Mo!

Panuto: Bumuo ng salita batay sa ginulong letra. Isulat ang wastong mga salita sa nakalaang guhit batay sa mga kahulugan nito na nasa tapat na kahon. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

AYSARKOMDE <hr/>	<ul style="list-style-type: none"> •pamahalaang nagtataguyod ng pagkakapantay-pantay
OMSINUMOK <hr/>	<ul style="list-style-type: none"> •lipunang walang antas/ <i>class less society</i>)
AYIKRANOM <hr/>	<ul style="list-style-type: none"> •pinuno ay karaniwang tinatawag na hari o reyna

Paano nakaapekto ang ideolohiya ng bansa sa pag-unlad ng nasyonalismo nito?



Iginuhit ni: Karl Gabriel G. Buenafe



Suriin

Maalala sana ninyo ang tunay na diwa ng pagiging makabayan ng mga Nasyonalistang Lider na nagbuwis ng kanilang buhay gamit ang iba't ibang ideolohiya makamit lang ang kalayaang inaasam ng kanilang bansa sa Silangan at Timog-Silangang Asya.

May iba't ibang ideolohiya ang nasyonalista upang maipakita ang kanilang pagmamahal sa bayan na naghangad ng kalayaan laban sa mananakop na Kanluranin. Naghangad ng reporma, nagbuo ng makabayang samahan, at gumamit ng madugong pakikipaglaban upang makamit ang kalayaan at makapagsarili simula ng sakupin ng mga kanluranin at pagsamantalahan ang mga nasakop na bansa.

Nahati ang daigdig sa panig ng demokrasya at komunista matapos ang ikalawang digmaang pandaigdig. Nagsimula ang sistemang politikal na nangangalaga sa buhay, kalayaan at kalagayan ng mga mamamayan.

Ano nga ba ang **ideolohiya**? Ito ay ideya o kaisipan na pamantayang sinusunod ng mga mamamayan, pwersang nagpapakilos sa iba't ibang bansa.

Ang iba't ibang Ideolohiya sa Silangan at Timog-Silangang Asya

Demokrasya	Komunismo	Sosyalismo	Monarkiya
Sistema ng pamahalaang nagtataguyod ng pagkakapantay-pantay ng mamamayan. Nakabatay sa mamamayan ang kapangyarihan na pumili ng mamumuno sa pamahalaan sa pamamagitan ng pagboto.	Sistema ng pamamahala sa ekonomiya, lipunan at politika na ang lahat ng kagamitan at pamamaraan ng produksyon ay pag-aari ng estado at binubuo ng lipunang walang antas (<i>class less society</i>) at sa ilalim ng sentralisadong pamunuan.	Nakabatay sa patakarang pang-ekonomiya, ang pamamalakad ng pamahalaan ay nasa kamay ng isang pangkat ng tao. Ang pangkat ang nagtatakda sa pagmamay-ari at sa pangangasiwa ng lupa, kapital, at mekanismo ng produksiyon.	Pamumuno ng isang tao sa partikular na estado. Ang pinuno ay karaniwang tinatawag na hari o reyna. Ang kapangyarihan ay maaaring natatakdaan batay sa saligang-batas. Di-natatakdaan naghahari ayon sa kaniyang kagustuhan.

Naipakita ng bansang Japan sa pamamagitan ng modernisasyon ng tanggapin nito ang mga Kanluranin sa kasunduang Kanagawa noong ika-31 ng Marso 1854. Ginamit ang impluwensya ng bansang Germany sa pamamahala, United States sa edukasyon at England sa sandatahang lakas. Bukas palad na tinanggap ng mga Hapon ang mga ito na mas nakatulong sa pag-unlad ng kanilang bansa sa pamumuno ni Emperador Mutsuhito na. Hindi na sila nakipaglaban, bagkus tinanggap pa nila ang pagbabago. **Monarkiyang konstitusyonal** ang kanilang ideolohiya sa pamumuno ng emperador.

Malaki ang kaibahan nito sa China, na kung saan nagkaroon ng pagtutol sa pagpasok ng mga dayuhan na nakipaglaban gamit ang dalawang rebelyon: ang Rebelyong Boxer at Rebelyong Taiping.

Ang China ay mayroong magkaibang ideolohiya, ang **demokrasya** nang dumating si Sun Yat Sen, nabago ang kanilang pananaw at naisulong ang pagkakaisa gamit ang tatlong prinsipyo: ang **nasyonalismo**, **demokrasya**, at **karapatang-pantao** na naging susi ng tagumpay laban sa mga imperyalistang bansa. Nang pumasok ang katunggaling idelohiyang **komunismo** sa China sa pamumuno ni Mao Zedong nawalan ng karapatan ang mga tao at sila ay naging sunud-sunuran sa patakarang umiiral sa kanilang bansa. Dahil sa patuloy na pakikipaglaban sa pananakop ng mga Kanluranin nagtatag sila ng mga samahang komunista at sa kalaunan nakamit nila ang kalayaan.

Ang Thailand ay nakaligtas sa kolonisasyon dahil sa kahusayan ng **monarkiya** nito na gamitin ang pamamaraan ng diplomasya upang mapaamo ang mga kolonyalistang bansa tulad ng France at England na may interes dito. Si Rama VI (Vajiravudh) ang ikaanim na monarko ng Siam. Kinilala bilang "Ama ng Nasyonalismong Thai" dahil sa kaniyang reporma at magandang pamumuno.

May mga nasyonalistang lider na ipinakita ang kanilang nasyonalismo at nanguna sa pakikipaglaban gamit ang iba't ibang ideolohiya at kilusan upang ipaglaban ang karapatan at kalayaan ng kanilang bansa.


Si *Ho Chi Minh* ay isang nasyonalistang pinuno ng Vietnam na sinalamin ang kalayaan sa pamamagitan ng pagtanggap ng pamamaraang **komunismo**. Itinatag ng mga komunista ang Liga para sa kalayaan ng Vietnam noong 1941. Maraming nasyonalista na hindi komunista ang sumapi sa samahan. Nang sumuko ang mga Hapones, napasok ng mga Viet Minh ang Hanoi at ito ang naging pangunahing kasangkapan sa paglaya ng kanilang bansa.

Si *Achmed Sukarno* ay pinuno ng Indonesia at ipinaglaban ang kalayaan mula sa mga Dutch sa pamamagitan ng itinatag na samahan, subalit naging aktibo lamang ang mga kilusang nasyonalismo matapos ang digmaang pandaigdig, niyakap nila ang **komunismo** upang sila ay makalaya. Nagpatuloy ang pakikibaka ng mga Indones para sa kalayaan noong ika-20 siglo at nagtatag ng mga makabayang samahan katulad ng *Budi Utomo* (1908), *Sarekat Islam* (1911), *Indonesian Nationalist Party* (1919), at *Indonesian Communist Party* (1920).

Sa Pilipinas tunay na ipinaglaban ni Dr. Jose Rizal ang reporma at nagkaroon ng Kilusang Propaganda sa pamamagitan ng pagsusulat. Si Andres Bonifacio, ay bumuo ng samahan, ang katipunan na nakipaglaban sa pamamagitan ng rebolusyon gamit ang dahas o madugong pakikipaglaban. Maraming kilusang itinatag na hangaring mabawing muli ang karapatang mapamahalaan ang sariling bansa tungo sa ganap na kalayaan gamit ang ideolohiyang **demokrasya**.

Anong paraan ang ipinakita ng mga nasyonalistang lider upang ipaglaban ang kanilang bansa gamit ang ideolohiya?


(**Pinagkunan:** Rosemarie C. Blando et al., *Asya: Pagkakaisa sa Gitna ng Pagkakaiba*, Araling Panlipunan Modyul para sa Mag-aaral, 2014, 350-359.



Pagyamanin

Gawain 1: Pag-isipan at Gawin

Panuto: Tukuyin ang salita sa pahalang at pababa na inilalarawan o hinihingi ng bawat bilang. Pumili sa mga salitang nasa loob ng kahon sa ibaba. Isulat ang tamang sagot sa iyong kuwaderno.



PAHALANG:

- 2. Lipunang walang antas
- 3. Makabayan
- 4. Kapangyarihan sa kamay ng mga tao

PABABA:


- 1. Paniniwala ukol sa pananaw
- 5. Mananakop
- 6. Pagiging Makabansa
- 7. Karapatang Pang-ekonomiya

Pagpipilian:			
nasyonalismo	ideolohiya	nasyonalista	
komunismo	demokrasya	sosyalismo	kanluranin

Ang gawaing ito ay susubok sa iyong kakayahang bumuo ng iyong kaisipan tungkol sa paksa at kahulugan. Sa pamamagitan nito ay makabubuo ka ng pangungusap na may kaugnayan sa paksa.

Gawain 2: Konsepto Mo, Ayos Mo!

Panuto: Matapos mong matukoy ang mga salita mula sa gawain 1 ay subukin mong bumuo ng konsepto tungkol sa iba't ibang ideolohiya sa pag-usbong ng nasyonalismo at kilusang nasyonalista. Gawin mo ito sa pamamagitan ng pagsasama-sama ng lima o higit pang salita. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.




Paano mo nabuo ang iyong konsepto o kaisipan mula sa pinagsama-samang salita? Ano ang iyong naging batayan upang mabuo ang kaisipan?

Gawain 3: Tala-Sagot Mo!

Panuto: Subukan natin ngayon ang iyong kaalaman sa paksang binasa. Punan ng impormasyon ang talahanayan. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

Bansa	Rehiyon sa Asya	Ideolohiya	Nagsulong na Nasyonalistang Lider

Ano-ano ang katangian ng mga ideolohiyang ito? Paano hinubog ng ideolohiya at kilusang nasyonalista ang paglaya ng mga bansa sa Silangan at Timog-Silangang Asya?




Isaisip

Gawain: Sagot Mo Ako!

Panuto: Sagutin at ipaliwanag ang tanong sa ibaba. Isulat ang iyong sagot sa kwaderno.

Nakatulong ba ang ideolohiya at kilusang nasyonalista sa pag-usbong ng nasyonalismo sa mga bansa sa Silangan at Timog-Silangang Asya? Paano?

Para sa akin _____



Isagawa

Gawain: Liham Pasasalamat

Panuto: Gumawa ng isang liham pasasalamat. Gawing gabay ang sumusunod na tanong: Isulat ang sagot sa iyong kwaderno.

- Ano ang iyong mensaheng maipaaabot sa mga nasyonalistang lider bilang pasasalamat sa kanilang pagbuwis ng buhay sa pakikipaglaban upang makamit ang ating kalayaan gamit ang iba't ibang ideolohiya at pamamaraan?
- Paano mo maipakikita ang iyong pagmamalasakit sa ating bansa?



Tayahin

Panuto: Unawain ang mga katanungan at piliin ang titik ng tamang sagot. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

1. Alin sa sumusunod na pahayag ang HINDI tumutukoy sa prinsipyo ng komunismo?
 - A. Pagpapairal ng diktadurya
 - B. Pagkawala ng antas o pag-uuri-uri
 - C. Ang produksiyon at produkto ay pag-aari ng estado
 - D. Ang produksiyon at kalakalan ay kontrolado ng pribadong pamahalaan
2. Ang lahat ng bansa sa Silangan at Timog-Silangang Asya ay naghangad ng kalayaan sa pananakop ng mga kanluranin dahil sa ideya ng demokrasya. Ang pahayag na ito ay _____.
 - A. tama, dahil ang ideolohiyang ito ang ginamit sa Timog-Silangang Asya.
 - B. mali, dahil lahat ng bansa sa Silangan at Timog-Silangang Asya ay ginamit ang komunismo.
 - C. tama, dahil lahat ng bansa sa Silangan at Timog-Silangang Asya ay ginamit ang demokrasya.
 - D. mali, dahil magkakaiba ang ideolohiyang ginamit ng mag bansa sa Silangan at Timog-Silangang Asya.
3. Alin sa sumusunod na ideya o kaisipan ang naglalayong magpaliwanag tungkol sa daigdig at pagbabago nito?


A. Ideolohiya	C. Polisiya
B. Pilosopiya	D. Teorya
4. Paano naipakita ng mga pinuno ng mga kilusang nasyonalista ang kanilang pagmamahal sa kanilang bayan?
 1. Komunismo ang ideolohiyang niyakap at ginamit ni Ho Chi Minh para makamit ang kasarinlan ng Vietnam
 2. Nagtatag si Dr. Jose Rizal ng Kilusang Propaganda upang makamit ang mga reporma sa lipunan.
 3. Pinamunuan ni Achmed Sukarno ang samahang nagpalaya sa Indonesia mula sa mga Dutch.

A. 1 at 2	C. 1, 2, at 3
B. 1 at 3	D. 2 at 3
5. Alin sa sumusunod na uri ng ideolohiya ang umusbong sa China na nagbigay-daan sa paglaya mula sa kamay ng mananakop?

A. Demokratiko	C. Sosyalismo
B. Komunismo	D. Totalitarianismo
6. Ano sa palagay mo ang aspetong HINDI gaanong naapektuhan ng anumang ideolohiya sa Silangan at Timog-Silangang Asya?

A. Pansining	C. Pampulitika
B. Panlipunan	D. Pangkabuhayan

7. Anong ideolohiya ang nagsasaad na ang kapangyarihan ng pamahalaan ay nasa kamay ng isang tao na namumuno at ang tawag sa kaniya ay hari o reyna?
- A. Sosyalismo
B. Monarkiya
C. Komunismo
D. Demokrasya
8. Anong bansa sa Silangang Asya ang may ideolohiyang komunismo?
- A. China
B. Indonesia
C. Japan
D. South Korea
9. Sino ang pinuno ng kilusang nasyonalista sa Vietnam na nanguna sa pagkamit ng kalayaan sa pamamagitan ng pagtanggap sa ideolohiya at pamamaraang komunismo?
- A. Ba Maw
B. Diponegoro
C. Ho Chi Minh
D. Sukarno
10. Sino ang nanguna sa pag-aalsa sa Indonesia laban sa mga mananakop na Dutch?
- A. Sukarno
B. Ho Chi Minh
C. Diponegoro
D. Ba Maw
11. Ang sumusunod na pahayag ay nagsasaad ng implikasyon ng ideolohiya sa ating lipunan. Ano ang **HINDI** kabilang?
- A. Batayan ng pagkakahati-hati ng tao ayon sa estado ng buhay.
B. Gabay ng pamahalaan sa pamamalakad ng nasasakupan nito.
C. Nagbibigkis sa mga mamamayan upang maging isang nagkakaisang bansa.
D. Kaisipan, panuntunan, o pundasyon ng sistemang pang-ekonomiya at pampolitika ng isang bansa.
12. Ang sumusunod ay ideolohiya na ginamit ng mga bansa sa Timog-Silangang Asya. Alin ang HINDI kasama?
- A. Demokrasya
B. Komunismo
C. Monarkiya
D. Pasismo
13. Ang sumusunod ay nanguna sa pagtatag ng mga kilusang nasyonalista sa Timog-Silangang Asya. Sino ang kabilang sa pangkat?
1. Achmed Sukarno 2. Ho Chi Minh 3. Jose Rizal 4. Mutsuhito
- A. 1, 2, at 3
B. 1, 3, at 4
C. 1, 2, 3, at 4
D. 2, 3, at 4
14. Anong paraan ang ginamit ng mga Katipunero sa Pilipinas upang maipahayag ang kanilang pagmamahal sa bayan at maisakatuparan ang hangaring kasarinlan?
- A. Himagsikan
B. Negosasyon
C. Propaganda
D. Protesta
15. Nakamit ng Indonesia ang kalayaan mula sa mga Dutch sa pamamagitan ng itinatag na samahan at pagyakap sa komunismo. Ang pahayag na ito ay ____.
- A. mali, dahil sosyalismo ang kanilang niyakap.
B. tama, dahil ito ang paraan nila upang lumaya.
C. mali, dahil ang bansang Indonesia ay demokratiko.
D. tama, dahil komunismo ang kanilang ginamit sa pamamahala at tinanggap ang mga Dutch.



Karagdagang Gawain

Gawain: Tanungin Mo Sila!

Panuto: Gumawa ng simpleng dokumentaryo o panayam sa dalawa o higit pang tao (kapitbahay o kaibigan na kasapi sa anumang grupo na may adbokasiya o ideolohiyang itinataguyod: kamag-anak, lolo, lola, tiyo, tiya, guro, o mga opisyal sa inyong barangay). Maaari itong i-dokumento gamit ang cellphone o anumang gadyet na makatutulong sa pagkuha ng impormasyon kaugnay sa paksa. Maaaring *online* ang pakikipanayam para makasunod sa *Minimum Health Protocols Against Covid-19*.


Ito ang magiging gabay sa pakikipanayam.

1. Ano ang dahilan ng pagsali sa samahan o grupo?
2. Ano ang naging karanasan sa pagsama o pagsali sa samahan?
3. Paano naitataguyod o naipaglalaman ang adbokasiya o ideolohiya?
4. Kung bibigyan ng pagkakataon, uulitin pa ba ninyo ang pagsali sa grupo? Bakit?

Isulat ang inyong nakalap na impormasyon sa isang papel at ipasa sa guro. Ikaw ay mamarkahan gamit ang batayan o **rubric** na ito.

Kraytirya	Natatangi 5 puntos	Mahusay 4 puntos	Medyo-mahusay 3 puntos
Kaalaman sa paksa			
Kalidad ng mga impormasyon o ebidensiya			
Istilo at pamamaraan ng presentasyon			
Kabuoang Marka	15		

Matapos ang iyong pakikipanayam, ano ang iyong naramdaman habang nakikipag-usap? Ano ang iyong natutuhan sa mga kuwentong iyong narinig mula sa kinapanayam?



Susi sa Pagwawasto

- Subukin**
1. B
 2. D
 3. A
 4. C
 5. D
 6. B
 7. C
 8. A
 9. D
 10. A
 11. A
 12. A
 13. A
 14. A
 15. B

- Tuklasin**
- Gawain
- Demokrasya
- Komunismo
- Monarkiya

- Tayahin**
1. D
 2. D
 3. A
 4. C
 5. B
 6. A
 7. B
 8. A
 9. C
 10. A
 11. A
 12. D
 13. A
 14. A
 15. B

Pagpamamaliwanag

Gawain 1

1. ideolohiya
2. komunismo
3. nasyonalismo
4. demokrasya
5. kanluranin
6. nasyonalista
7. sosyalismo

Gawain 2

Halimbawa:

Ang mga nasyonalista ay ipinaglaban ang kalayaan sa mga kanluranin gamit ang ideolohiyang komunismo, sosyalismo at demokrasyang pamahalaan.

Gawain 3

Bansa	Rehiyon sa Asya	Ideolohiya	Nagsulong na Nasyonalistang Lider
China	Silangang Asya	Demokrasya at komunismo	Sun Yat Sen at Mao Zedong
Japan	Silangang Asya	Monarkiya	Emperador Mutsuhito
Thailand	Timog-Silangang Asya	Monarkiya	Rama VI (Vajiravudh)
Vietnam	Timog-Silangang Asya	komunismo	Ho Chi Minh
Indonesia	Timog-Silangang Asya	Komunismo	Achmed Sukarno
Pilipinas	Timog-Silangang Asya	Demokrasya	Dr. Jose Rizal at Andres Bonifacio

Sanggunian

Modyul

Blando, Rosemarie C., Adelina A. Sebastian, Angelo C. Espiritu, Erna C. Golveque, August M. Jamora, Regina R. Capua, Armi S. Victor, Sandra I. Balgos, Allan F. Del Rosario, at Randy R. Mariano. *ASYA: Pagkakaisa sa Gitna ng Pagkakaiba Araling Panlipunan*: Modyul para sa Mag-aaral. Pasig City. 2014.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph